# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG HULYO 18, 2022, LUNES, IKA-9:20 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. Delas Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |

RECORDED 29 JUL 2022

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN STA. CRUZ, LAGUNA RELEASED NAME DATE 080122 TIME

**KAPASIYAHAN BLG. 288-T2022**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG SUPPLEMENTAL INVESTMENT PLAN PARA SA KARAGDAGANG BADYET BLG. 1 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG PATIMBAO, SANTA CRUZ, LAGUNA NA MAY KABUUANG HALAGANG P43,000.00 NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 73-T2022 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 02-T2022 NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** may pinagtibay na Supplemental Investment Plan para sa Karagdagang Badyet Blg. 1 ang Sangguniang Barangay ng Patimbao na may kabuuang halagang P43,000.00 na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 73-T2022 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 02-T2022 ng barangay;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahi ng Tagapamuno ng nasabing lupon na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T , DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Supplemental Investment Plan para sa Karagdagang Badyet Blg. 1 ng Sangguniang Barangay ng Patimbao, Santa Cruz, Laguna na may kabuuang halagang P43,000.00 na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 73-T2022 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 02-T2022 ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Sangguniang Barangay ng Patimbao, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Hulyo 18, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan 7/28/22